



Sofibats by

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

HADRAT IBRAHIM (AS)

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang Allah Azza wa Jalla ay nagpadala ng mga propeta at ang Propeta Ibrahim alayhis salam ay magandang ehemplo para sa atin. Iniwan ng tatay ng Propeta Ibrahim alayhis salam siya dahil sabi ng Propeta Ibrahim na sa Allah lang siya magdadasal at hihingi ng patnubay. Wag kayong mawala sa tamang landas. Hindi kayo ginawa ng Allah para sumunod sa iba at mawala sa tamang landas. Pinakita ng Propeta Ibrahim alayhis salam ang isang magandang ehemplo sa atin. Binigyan ng malaking biyaya ng Allah ang Propeta Ibrahim alayhis salam dahil ginawa niya ang lahat para sa Allah.

Nung binigyan ng Allah Azza wa Jalla si Propeta Ibrahim ng anak na si Hadrat Ismail, iyon ay isang nakatagong karunungan ng Allah. Ginawa niya ang utos ng Allah at pumunta sa Makkah na naging sentro ng Hajj. Pinagawa ng Allah Azza wa Jalla sa kanila ang Ka'ba na ginawan ng Allah ng kahawig sa paraiso na ang tawag ay Baytul Ma'mur. Iyon ay inangat ng Allah sa paraiso dahil sa kasalanan ng mga tao. Ang Kismet ay para sa Propeta Ibrahim alayhis salam.

Binigyan din ng Allah (JJ) ang Propeta Ibrahim alayhis salam para makita ng mga tao. May mga biyaya sa mg nasa pananampalataya sa Allah Ang biyaya ay isang bendisyon at sikreto mula sa Allah. Ito ay di nauunawaan ng mga tao. Lahat ng bagay ay may baraka at biyaya.

Ang propeta Ibrahim alahi salam ay may maraming magandang gawain at katangian. Isa siya sa Ulul Azm, isa sa mga pinakamalakas at mananampalataya na Propeta ng Allah. Siya ay ninuno din ng ating Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Bigyan tayo nawa ng Allah ng Baraka at biyaya, mabuti ang ang humingi ng biyaya In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq.
Al-Fatiha.

1. Barakah 2. Nima

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
22 February 2016/13 Jumada al-Awwal 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

www.hakkani.org / www.hakkaniyayinevi.com